## Diagnostic Test in Edukasyon sa Pagpakatao 5

**Pangalan:** ______________________________ **Petsa:** ______________________

Baitang: ______________________________ Guro: ______________________

PANUTO: Basahing mabuti ang mga sitwasyon. Piliin at bilugan ang tamang sagot.

1. May programa ang inyong barangay hinggil sa pagpapanatiling malinis ng inyong lugar, bilang isang mabuting mamamayan, paano mo maipapakita ang iyong pakikiisa?

A. magwalis araw-araw C. pananatilihing malinis ang lugar

B. maglalagay ng paskil sa daan

2. Nagkayayaan ang magkakaibigan na mamasyal, nagdala kayo ng pagkain at inumin. Ano ang gagawin ninyo upang maiwasan ang pagkakalat?

A. ilalagay ang kalat sa isang tabi at ibubunton

B. ihahagis sa daan

C. magbabaon ng supot na lalagyan ng basura

3. Alin ang magandang proyekto para sa parke?

A. paglalagay ng basurahan

B. paglalagay ng panuto hinggil sa pag-iwas sa dengue

C. paglalagay ng mga babasahin sa natatanging lugar

4. Kasama mo ang iyong mga kapatid na namasyal sa zoo. Ano ang ipagbabawal mong gawin nila?

A. ang magtapon ng kalat sa basurahan C. ang magpakain sa hayop

B. ang mag-ingay

5. Habang nanunood ng mga magagandang tanawin, kumakain ka ng chewing gum. Ano ang nararapat mong gawin kapag nais mong itapon?

A. idudura na lang C. ididikit sa ilalim ng upuan

B. ilalagay sa wrapper at ibubulsa mo at saka itatapon sa basurahan

6. Magaganda at makulay ang mga bulaklak sa parke , natukso kang pumitas ng tatlo. Ano ang reaksyon mo dito?

A. sang-ayon ako B. depende kung may tanod o wala C. tutol ako

7. Sa pangangalaga ng halaman, inaalis ang ___________.

A. mga pugad ng ibon

B. mga murang bunga

C. mga dilaw na dahon

8. Kumakain ng mais si Aira sa loob ng pampasaherong dyip. Ano ang dapat nyang gawin sa pagkatapos niyang kumain?

A. ilalagay ito ng maayos sa ilalim ng upuan

B. hahawakan o isusupot muna ito at itatapon sa basurahan

C. itatapon ito sa lansangan

9. Sino sa mga sumusunod ang tutularan mo?

A. Si Benny na malimit dumura sa dinadaanan

B. Si Ashley na tinatakpan ang bibig nat ilong kung nababahing

C. Si Vener na ngkakalat ng kendi Sa daan.

10. Mahalaga ang pagpapanatili ng kaangkupang pisikal.

A. upang hindi mabagot C.upang maging malusog

B. upang malibang

11. Gaano ka kadalas nag-eehersisyo ng katawan?

A. bastat mahina ang pakiramdam ko, ako ay nag-eehersisyo

B. may regular akong skedyul ng pag-eehersisyo araw-araw

C. sinisikap kong mag-ehersisyo nang madalas

12. Alin sa mga sumusunod ang maituturing na gawaing pangkaangkupang pisikal?

A. pagluluto ng pagkain C. pagbasa ng aklat

B. pag-akyat sa hagdan

13. Sa paglalangoy mainam _____________.

A. Pagpahid ng sun block sa katawan C. lumayo sa karamihan

B. Iwasan ang tubig na malinaw

14. Araw ng Sabado at tapos na ang Gawain nila sa bahay. Ibig nilang maglibang. Alin sa mga sumusunod ang isang libangang magpapalakas ng katawan na maari nilan Gawain.

A. maglaro ng balibol C. paglalaro sa ulan

B. paglalaro ng baraha

15. Ano ang dapat tandaan sa pag-eehersisyong pisikal?

A. mag warm-up at mag- warm down ng tiglimang minute

B. bawal uminom ng tubig habang nag-eehersisyo

C. kahit pagod na dapat pa rin iktuloy ang ehersisyo

16. Alin sa mga gawaing ito ang kaangkupang pisikal?

A. pagbabasa ng magasin C.pagkanta
B. paglalampaso ng sahig
17. Nagkaroon ng paligsahan sa pagtakbo sa paaralan, kaagad naligo si Mark. Ano ang maaaring idulot sa kanyang katawan?
A. lalakas at bibilis ang kanyang pagtakbo
B. magiging malusog ito
C. maaaring magkaroon ng karamdaman dahil siya ay hindi pa nakakapagpahinga ng sapat
18. Aling laro ang mainam na ehersisyo sa katawan?
A. domino B. teks C. jumping rope
19. Mahalaga ang pagpapanatili ng kaangkupang pisikal
A. sa ating kabuhayan B. sa katahimikan ng bayan C. sa aking kalusugan
20. Magjo-jogging si Vener. Ano ang maaari niyang isuot?
A. short at sapatos na de goma
B. maong na pantaloon at tsinelas
C. pantalong uniporme at sapatos na balat
21. Tinatanong ka ng guro kung kaya mong mamuno sa isang pangkat. Ano ang gagawin mo?
A. Susuriin muna ang uri at lawak ng Gawain kung makakaya bago magpasya.
B. Tatanggapin kaagad ang Gawain nang di alam nito
C. Sasabihin kaagad na di ito kaya
22. Sa pagpili ng kasama sa pangkatang Gawain ay may nagsasabi sa iyo na huwag isali ang isang kaklase dahil mahina ito. Ano ang gagawin mo?
A. Paniwalaan kaagad ang nagsabi nito.
B. Kukuha kaagad ng ibang kasapi
C. Susuriin muna kung ano ang makakayang gawin ng kaklaseng ayaw isali bago magpasya kung tatanggapin o hindi.
23. Nabuhusan ng tubig ang papel na sinusulatan mo sa mesa na iniwanan mo doon. Ang dalawang nakababatang kapatid mo ay nagtuturuan. Ano ang gagawin mo?
A. Babatukan pareho
B. Itatanong muna sa kanilang dalawa kung ano ang nangyari at nabuhusan ang sinusulatan mo bago magpasya kung ano ang gagawin sa kanila.
C. Bubuhusan sila ng tubig
24. Ikaw ay inatasan ng guro upang maging lider ng grupo para sa gagawing pagtatanghal. Ano ang nararapat mong gawin upang mapabilis ang pag-eensayo dahil sa kokonting panahon na lamang ang natitira para pag-aralan pa ito?
A.Kakausapin ang mga kagrupo upang mapagdesisyonan at mapag-usapan ang nararapat gawin para sa palatuntunan.
B. magkanya-kanya ng pag-eensayo
C.Ipapasa sa iba ang responsibilidad dahil hindi ito kayang gawin
25. Magbibigay ang inyong guro ng pangkatang gawain ngunit ang iyong mga kagrupo ay palaging wala kapag gumagawa kayo ng inyong gawain. Ano ang nararapat mong gawin?
A. Kausapin ang mga kagrupo at ipaliwanag sa kanila na dapat matapos iyon agad
B.Humanap ng ibang kagrupo
C. Isumbong sa guro
26. Sa isang pag-uusap ukol sa suliraning pinag-aaralan sa klase ay may nalaman kang impormasyon na maaaring makatulong sa kalutasan nito. Ano ang gagawin mo?
A. Papabayaan na lang ang iba na magmungkahi ng kalutasan
B. Sasabihing may nalalaman kang impormasyon na maaaring makalutas ng suliranin
C. Mahihiyang sabihin ito at baka mali
27. Isang kaibaigan mo nasa ika-6 na baitang ay nagpapatulong na maintindihan ang isang gawain sa agham na alam mo na. Ano ang gagawin mo?
A.Tutulungan siya at ipapaliwanag ang nalalaman mo
B. Pababayaansiyang maghirap sa Gawain niya
C. Sasabihin sa kanya na patulong siya sa iba
28. Marami kang nakalap na impormasyon ukol sa suliraning ibinigay ng guro na dapat ninyong pag-aralan, tinanong ka ng iyong kaklase ukol dito. Ano ang gagawin mo?
A. Sasabihin ang nalalaman at ipapaliwanag ito sa mga kaklase
B. Magkukunwaring walang alam
C. Magsasawalang kibo na lang
29. Parehong magaling kumanta sina Nena at Ana kaya hindi malaman ng guro kung sino ang isasali sa patimpalak na gagawin sa paaralan.Isa lamang ang maging representante ng bawat pangkat?Ano ang dapat gawin ng guro?
A.Piliin sa dalawa kung sino ang pinakamagaling at siya ang isasali sa patimpalak
B. Tanungin ang buong klase at pagbotohan kung sino sa dalawa ang nararapat isali
C.Hindi na lamang isasali ang dalawa para walang inggitan

30. Nakita mong nag aaway ang iyong dalawang kapatid .Ano ang nararapat mong gawin?
A. Tanungin ang dalawa kung ano ang pinagsimulan ng kanilang pag-aaway
B. Pabayaang mag-away ang dalawa
C. Kakampi lamang sa isang kapatid

31.Isa kasa hurado sa isang patimpalak .Isa sa mga kalahok dito ay iyong kamag-anak .Bilang hurado ano ang nararapat na maging desisiyon mo?
A. Papanalunin ang kamag-anak
B. Papanaluhin kung sino ang nararapat na manalo
C. Hindi na pasasalihin ang kamag-anak upang walang reklamo

32. Nagkaroon ng eleksiyon sa inyong klase at ang mga nominado ay ang kaibigan mo at ang nangunguna sa inyong klase. Alam mong hind magampanan ng iyong kaibigan ang magiging tungkulin sa inyong paaralan. Ano ang nararapat mong gawin?
A.Iboboto ang nararapat sa posisyon
B. Hindi na lang iboboto
C. Hihikayatin ang kaibigan na huwag na lamang sumali sa eleksyon

33. Ginawa kang lider sa inyong pangkat sa pagbibigay at pangungulekta ng aklat dapat ingatan ang pagbibilang ng aklat na isasauli dahil mananagot sa mawawalang aklat. Paano mo tatanggapin ang pananagutang ito?
A. Sasabihin sa guro na iba na lamang ang gawin niyang lider
B. Tatanggapin kaagad ang gawain
C. Tatanggapin ang pananagutan ng maluwag sa kalooban

34. Naghahanap buhay ang mga magulang mo upang makapag-aral ka. Ano ang Dapat mong gawin?
A. Maglaro lang sa paaralan
B. Mag-aaral mabuti sa paaralan
C. Mamamasyal habang may klase

35.Magaling ka sumayaw pero ito at hindi alam ng iyong mga kaklase. Nagkaroon ng paligsahan sa pagsasayaw at nangangailangan pa ng isang miyembro .Ano ang gagawin mo?
A. Sasali sa sariling pangkat at ipapakita ang kakayahan sa pagsasayaw
B. Hindi sasali
C. Magkukunwaring di marunong sumayaw

36. Biniyayaan ka ng kagalingan sa pagkanta. Ano ang nararapat mong gawin sa biyayang ito?
A. Sasali sa mga patimpalak at ipapakita ang kakayahan
B. Itatago na lang ang kakayahan dahil baka mapahiya
C. Ipagyayabang ito sa lahat

37. Binigyan kayo ng gawain ng inyong guro at kailangan ipaliwanag ito sa unahan .Isa sa mga katanungan niya ay magbigay ng kongklusiyon ukol sa inyong ginawa. Ano ang nararapat mong gawin upang maipaliwanag ito?
A. Susuriin ang ginawa at pag-aaralan ito upang maipaliwanag ito ng mabuti
B. Hindi na lamang magpapaliwanag sa unahan
C. Sasabihin sa guro na hindi mo alam ang sagot

38. Ipinag-utos ng kapitan ng inyong barangay ang paggamit ng basurahan ng bawat bakuran dahil sa masamang dulot nito sa kapaligiran .Bilang mamamayan ng inyong barangay .Ano ang dapat gawin ng inyong pamilya?
A. Hindi papakinggan ang utos
B. Manghihitam ng basurahan sa tapat ng bahay
C. Maglalagay ng sariling basurahan sa tapat ng bahay

39. Mag-uulat ang iyong kamag-aral ng may marinig ka na hindi tama sa iyong palagay.Ano ang gagawin mo?
A. Sisigawan siya na mali ang inuulat niya
B. Hahadlangan ang pagsasalita niya
C. Hihintaying matapos sa pag-uulat ng kaklase bago sabihin ang iyong nalalaman

40. Nagtatrabaho ang nanay mo kaya t sa iyo iniwan ang pag-aasikaso sa mga nakakabata mong kapatid.Ano ang gagawin mo?
A. Sasabihin sa nanay na hindi mo kaya ang pinagagawa niya
B. Sisikaping gampanan ang pananagutang pinagagawa niya
C. Pababayaan ang mga kapatid

Iguhit ang bituin ☆ kung nagpapakita ng pagtupad at pagpapahalaga sa pangako at bilog kung hindi

____________41. Sabado ng hapon ng pumunta si Jade sa plasa dahil iyon ang napagkasun-duan nila ng kanyang mga kaklase.

_____________42. Humiram si Ana ng pera kay Nena at kaagad niya ito ay bayaran ng nakuha niya ang suweldo niya.

____________ 43. Pinilit ni Lina na mapag-aral ang mga kapatid dahil nangako ito sa ina na pag-aaralin ang mga ito.

_____________ 44. Ipinagbilin ng ina ni Lina na huwag aalis sa paaralan hanggat hindi ito dumadating. Nakita ni Lina ang kanyang mga kalaro ng uwian na at sumama siya dito.

_____________ 45. Napagkasunduan ni Ana at ni Betty na sa SM sila magkikita ngunit hindi dumating si Ana sa lugar na kanilang pinag-usapan.

_____________ 46. Pinanindigan ni Lita ang kanyang sinabi kay Nena.

____________ 47. Nangako si Ana na ibabalik niya ang aklat na hiniram ngunit nalimutan niyang isauli ito.

_____________ 48. Hindi nagbayad ng utang si Aling Marta kay Mang Celso.

_____________ 49. Tinupad ni Ana ang pinagkasunduan nila ni Nena.

_____________ 50. Dumating si Sisa sa tamang oras ng pinag-usapan nila ni Susan.